ADVISORY No. 87 s. 2024
February 1, 2024

In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
005108
APR 01 2024
1:42 pm

**INVITATION TO PARTICIPATE IN KAKASA KA BA? 2024, BY U.P. LIPUNANG PANGKASAYSAYAN (U.P. LIKAS)**

U.P. LIPUNANG PANGKASAYSAYAN (U.P. LIKAS), an academic organization of students in the University of the Philippines-Diliman is celebrating its 36th founding anniversary with the theme "Muhon: Paglikha at Pagpapanday ng Kasaysayan sa Makabagong Panahon."

In line with this, the organization is spearheading various contests that include Tagisan ng Talino (Quiz Bee), KASanaysayan (Essay Writing), and BalangKAS (Poster Making) on April 22, 2024, at 8:30am – 5:00pm at UP Diliman, Quezon City. Activities aim to provide a platform for Junior and Senior High School students to show their skill and knowledge on history.

Attached for reference is the basic communication that contains profile information about the organization, program flow and the contest guidelines and mechanics.

For information.

CLMD/mll
2/25/2024

---

DepEd-Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
RELEASED
BY: ______ No: 280
DATE: 02 APR 2024 TIME: ______

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V - BICOL
TANGGAPANG PANSANGAY NG CATANDUANES

April 2 2024

To : Assistant Schools Division Superintendent
Curriculum Implementation Division Chief
Education Program Supervisors
Public Schools District Supervisors/
In-Charge of the District
Elementary and Secondary School Heads
Teachers
All Other Concerned

For information and guidance.

By Authority of the Schools Division Superintendent

**CECILE C. FERRO, CESO V**
Assistant Schools Division Superintendent
Office-In-Charge

San Roque, Virac, Catanduanes
052-8114063
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedroVcatanduanes.com / www.catanduanes.deped.gov.ph

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS ... REGIONAL OFFICE NO. V
RELEASED
005108
By: Date: 2/28/24

ADVISORY No. 87 s. 2024
February 1, 2024

In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.

**INVITATION TO PARTICIPATE IN KAKASA KA BA? 2024, BY U.P. LIPUNANG PANGKASAYSAYAN (U.P. LIKAS)**

U.P. LIPUNANG PANGKASAYSAYAN (U.P. LIKAS), an academic organization of students in the University of the Philippines-Diliman is celebrating its 36th founding anniversary with the theme "Muhon: Paglikha at Pagpapanday ng Kasaysayan sa Makabagong Panahon."

In line with this, the organization is spearheading various contests that include Tagisan ng Talino (Quiz Bee), KASanaysayan (Essay Writing), and BalangKAS (Poster Making) on April 22, 2024, at 8:30am – 5:00pm at UP Diliman, Quezon City. Activities aim to provide a platform for Junior and Senior High School students to show their skill and knowledge on history.

Attached for reference is the basic communication that contains profile information about the organization, program flow and the contest guidelines and mechanics.

For information.

CLMD/mll
2/25/2024

## DEPED V BICOL REGION

| | |
|---|---|
| **From:** | UP LIKAS KaKASa Ka Ba <uplikas.kakasakaba@gmail.com> |
| **Sent:** | Tuesday, 19 March 2024 12:55 pm |
| **To:** | DEPED V BICOL REGION |
| **Subject:** | [UP LIKAS] Request for Endorsement/Advisory to Region V Schools for KaKASa Ka Ba? 2024 Tagisan ng Talino, KASanaysayan, and BalangKAS |
| **Attachments:** | Program Proposal - KaKASa Ka Ba_ 2024 .docx.pdf; ANG UP LIKAS (1).pdf; Konseptong Papel_KAKASA 2024.pdf; [UP LIKAS] Request Letter for Accreditation - KaKASa Ka Ba 2024.pdf; KaKASa-Ka-Ba-2024-Daloy-ng-Programa-at-Mekaniks (2).pdf |

**DR. GILBERT T. SADSAD**
Regional Director
Department of Education Region V
Legazpi City

Dear Dr. Sadsad,

Greetings!

**U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS)** is an academic organization of students in the University of the Philippines- Diliman which promotes a critical and more relevant study of history as well as awareness of Filipino culture and society through different activities. One of the major endeavors of our organization is the annual KaKASa Ka Ba?, where we conduct various contests with topics under the history discipline.

This year, U.P. LIKAS will be celebrating its 36th founding anniversary with an overall theme "**Muhon: Paglikha at Pagpapanday ng Kasaysayan sa Makabagong Panahon**." In line with this, we will conduct a series of contests for students. The program is titled as **KaKASa Ka Ba? 2024**, and it aims to focus on improving the historical consciousness of the students. These competitions will be held **on the 22nd of April 2024 at UP Diliman**. These competitions would include the **Tagisan ng Talino** (face-to-face), **KASanaysayan** (face-to-face), and **BalangKAS** (face-to-face).

Given the relevance of this topic to the current social discourse, we **humbly invite your office to take part in our event and join us in gathering students and teachers from all over the country to enrich our understanding on the importance of understanding how historical revisionism works**. We would also **like to seek support from your office in conducting this activity through the issuance of an advisory from your office for the knowledge of schools and teachers under your region**. With your support, we could achieve our vision of promoting critical thinking in the field of history.

**The registration for the contests are indicated in the overall mechanics and program flow**. Attached with this document are the concept paper and program proposal for the competitions. Should you have any inquiries, we will gladly discuss these matters with you personally. You may contact our Vice-Chairperson for External Affairs via 09176182227 or e-mail us at uplikas.kakasakaba@gmail.com.

Thank you very much.

*Respectfully yours,*
**Hans Matthew Antiojo**
Vice-Chairperson for External Affairs
UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS)

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. V
MAR 19 2024
BY: [signature] TIME: 1:01 p.m.

**ANNEX 2**

# ENTITY PROFILE/GENERAL INFORMATION SHEET

| | |
|---|---|
| 1. Name of Company/Association/Institution/Organization: | |
| U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) | |
| 2. Office Address: | |
| Palma Hall, Roxas Avenue, University of the Philippines-Diliman, Quezon City | |
| 3. Contact Person/s:<br><br>Dan Gabriel A. Castro<br>Hans Matthew U. Antiojo | 4. Designation/Position:<br><br>Tagapangulo<br>Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas |
| a. Contact No/s.:<br><br>0908 737 9829<br>0917 618 2227 | b. Mobile Phone No/s.:<br><br>0908 737 9829<br>0917 618 2227 |
| 5. Email Address/es: | uplikas@gmail.com or uplikasexternals@gmail.com |
| 6. URL/Website: | N/A |
| 7. Social Media Account/s: (Facebook, Twitter, among others) | http://www.facebook.com/uplikas ; http://www.twitter.com/uplikas ; http://www.instagram.com/uplikas |
| 8. Nature of the Company/Association/Institution/Organization (Narrative Description):<br><br>U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) is an academic organization of students based in the University of the Philippines-Diliman that promotes critical thinking in the study of history as well as greater awareness of Filipino culture and society. | |
| 9. Mission:<br><br>The primary goal of the organization is to forward a critical and a more meaningful and relevant study of history. | |
| 10. Vision:<br><br>As an academic organization, it aims to spearhead lecture series, conferences, seminar-workshops, symposiums, and all other related academic gatherings. It is our commitment to bring the organization to a higher sense of scholarly involvement that shall embody the organization's principle to promote historical consciousness not only to the U.P. community but also to the Filipino people. | |
| 11. Accreditation/Certificates/Permits (Enclosed copy/ies): | |
| ☐ Certificate of Accreditation from the Philippine Regulation Commission (PRC)<br>☐ Civil Service Commission (CSC) Institute Accreditation Certificate<br>· Certificate of Permit from the Dean or Head of Student Affairs Office<br>☐ Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB) | ☐ Securities and Exchange Commission (SEC) Registration<br>☐ Department of Trade and Industry (DTI) Business Certificate<br>☐ Republic Act (RA) Number and Content if government agency/institution |
| Learning and Development Plan for the Participants Continuous Programs, Activities and Projects (PAPs)<br>(See enclosed format) | |

**ANNEX 3**

## U.P. Lipunang Pangkasayayan (U.P. LIKAS)

### LEARNING AND DEVELOPMENT PLAN FOR THE PARTICIPANTS CONTINUOUS PROGRAMS, ACTIVITIES AND PROJECTS

| Implementation Plan (Schedule) | Title of the Activity* | Objective | Target Participants | Target Date | Proposed/Tentative Venue |
|---|---|---|---|---|---|
| UPD A.Y. 2021-2022 | 1. Ika-30 Pambansang Kumperensiya (Economic History of the Philippines) | Provide discussions on the the economic history of the Philippines, its development, and the contribution of Filipino livelihood to it through the years. | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | 23, 30 October 2021<br>6 November 2021 | Online (via Zoom) |
| | 2. KaKASa Ka Ba? | Provide a platform for Junior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students, NCR | March 2022 | Online (via Zoom) |
| | 3. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a discussion on the different roles of Filipina women during the Japanese Occupation. | UP Students | 8 April 2022 | Online (via Zoom) |
| UPD A.Y. 2022-2023 | 1. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a discussion on the history of historical distortion in Philippine films. | UP Students | 26 August 2022 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| | 2. Ika-31 Pambansang Kumperensiya (Philippine Historiography) | Provide discussions on Philippine urban history and discuss the ramifications it has had to our present context. | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | 22, 29 October, 5 November 2022 | Online (via Zoom) / NISMED Auditorium, UP Diliman |
| | 3. KaKASa Ka Ba? | Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students and Senior High School Students, NCR | 20 May 2023 | Student Union Building, UP Diliman |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| UPD A.Y. 2023-2024 | 1. Ika-32 Pambansang Kumperensiya (Legacy and Challenges of Philippine Nationalism) | Provide wider knowledge and understanding towards the history of nationalism in the country and its present realities in the 21st century | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | 19-20 October 2023 | NISMED Auditorium, UP Diliman |
| | 2. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a different but effective method in teaching history to UP Students | UP Students | March 2024 | PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| | 3. KaKASa Ka Ba? | Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students and Senior High School Students, Luzon | 22 April 2024 | Student Union Building, UP Diliman |
| UPD A.Y. 2024-2025 | 1. Ika-33 Pambansang Kumperensiya (Philippine Historiography) | Provide discussions on Philippine historiography, and the various concepts and methods that have developed in the discipline | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | October 2024 | Online (via Zoom) / NISMED Auditorium, UP Diliman |
| | 2. Dap-Ayan Lectures | Provide a different but effective method in teaching history to UP Students | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | December 2024 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| | 3. KaKASa Ka Ba? | Provide a platform for Junior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students, NCR | April 2025 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |

**ANNEX 4**

**TRAINING PROGRAM PROPOSAL TEMPLATE**

**(Proponent: U.P. Lipunang Pangkasaysayan)**

Title of the Training: *KaKASa Ka Ba? 2024*

Proposed Date and Venue:
April 22, 2024; Student Union Building, UP Diliman

Rationale and General Description of the Activity:
This year, U.P. LIKAS will be celebrating its 36th founding anniversary with an overall theme "Muhon: Paglikha at Pagpapanday ng Kasaysayan sa Makabagong Panahon." In line with this, we will conduct a series of contests for students.

The program is titled as KaKASa Ka Ba? 2024, and this year, it aims to focus on improving the historical consciousness of these students in line with our campaigns to resist against the spread of disinformation and historical distortion. These competitions will be held on the 22nd of April 2024 at UP Diliman. These competitions would include the Tagisan ng Talino (face-to-face), KASanaysayan (face-to-face), and BalangKAS (face-to-face).

Specific Objectives of the Activity:

The conference aims to:

a) Supplement high school students' education in media literacy through competitions which challenge their critical thinking and analytical skills.
b) Provide high school students with a platform for artistic expression through competitions which challenge their literary and aesthetic creativity.
c) Provide high school students with a platform to showcase their academic excellence through competitions that challenge their knowledge of Philippine history.
d) Through all the competitions, provide high school students with a deeper appreciation of our nation's history.

Target Participants: College students, High school students, High school teachers, College professors, Researchers, Economy students, History students, Economists.

Target Participants: High school students (competitors), high school teachers (coaches)
No. of Expected Participants: ~160 participants
Funding Source: UPD OICA Grant and Organizational Fund
Registration Fee: Php 0.00

**Competition Categories**

- **Tagisan ng Talino (Quiz Bee)**
  - Mode: Face-to-face
  - Target participants: 40 competitors + 20 coaches
  - Venue: Student Union Building, UP Diliman

- **KASanaysayan (Essay Writing)**
  - Mode: Face-to-face
  - Target participants: 20 competitors + 20 coaches
  - Venue: Student Union Building, UP Diliman

- **BalangKAS (Poster Making)**
  - Mode: Face-to-face
  - Target participants: 20 competitors + 20 coaches
  - Venue: Student Union Building, UP Diliman

Management Structure:

| Role | Name | Terms of Reference |
|---|---|---|
| Program Manager | Dan Gabriel Castro | Tagapangulo |
| Training Manager | Joaquin Manuel Reyes | Direktor sa Edukasyon at Pananaliksik |
| Class Manager | Hans Matthew Antiojo | Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas |
| Logistics Officer | Elrey Jan Punay | Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan |
| Finance Officer | Japhet Paul Falcutila | Direktor sa Pananalapi at Lohistika |
| Welfare Officer | John Immanuel Advincula | Direktor sa Pangkasapiang Usapin |
| Quality Assurance Officer | Jude Thomas Cuartero | Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panloob |
| Documenters | Benelyn Ferrer | Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan /<br>Direktor sa Publikasyon at Pamamahayag |
| Secretariat/Administrative Support | Hans Matthew Antiojo | Kalihim para sa Usaping Panlabas |

**Resource Package:**

a. Trainers' Kit: Souvenir program, ID, Certificate
b. Training Materials: Notepad, pen
c. Readings for Participants: N/A
d. Other support materials

Note: This should be enclosed per activity

**Ang UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS)**

Ang U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) ay isang akademikong organisasyon na muling itinatag noong 1988 na nag -aadhikang mapagbuklod ang mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa, may hilig at interes sa kasaysayan; mapalawak at mapalaganap ang kaalaman at kamalayang pangkasaysayan; mapaunlad ang disiplina ng kasaysayan; at higit sa lahat, mapaglingkuran ang mga mag-aaral ng pamantasan at sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng "isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan" at pagpupunyagi para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo ng Inang Bayan, bansa at sambayanan.

Nadalumat ng U.P. LIKAS ang mga adhikaing ito sa pagtunton sa sariling kasaysayan nito — kasaysayang hindi nagsisimula noong 1988 lamang kundi nag-uugat sa mga naunang organisasyong pangkasaysaysan sa Unibersidad ng Pilipinas (U.P.). Noon pa man, may mga itinatag nang organisasyon ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa, may hilig at interes sa kasaysayan gaya ng U.P. History Club (1912-Dekada '30); Clio Recognition Society (Dekada '30-'60); U.P. History Club (Dekada '60) at Clio (1970). Naging abala ang mga organisasyong ito sa pagtataguyod ng mga gawaing akademiko na tulad ng lakbay-aral, panggrupong talakayan, lektura-panayam, seminar, simposyum at marami pang iba.

Sa paglaganap ng kamalayang makabayan sa "panahon ng sigwa," unang itinatag ang U.P. LIKAS noong 1971. Sa pamumuno ni Michael Gonzales, unang Pangulo ng U.P. LIKAS, naging hitik sa pakikilahok ang organisasyon sa mga isyu't usaping panlipunan upang maitaguyod ang panlipunang katwiran at kaunlaran. Subalit nang pairalin ang Batas Militar noong 1972, kabilang ang U.P. LIKAS sa mga ipinagbawal na organisasyong sa U.P. Magkaganito man, bagamat maikling panahon lamang namayagpag ang unang U.P. LIKAS, naging makabuluhan naman ang naging paglahok nito sa samu't saring pagkilos para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo.

Noong 1973, nang pinahintulutan na muli ang pagkakaroon ng mga samahan sa U.P. sa kondisyong hindi ito "subersibo," isa ang U.P. LIKAS sa pinayagang maitatag muli. Isinakatuparan ang pagbubuong muli ng organisasyon sa pamamagitan ng masigasig na kolektibong pamunuan na kinatawan ni Nilo Ocampo. Muling sumabak ang organisasyon sa pagsasagawa ng mga makabuluhang gawain. Sa mga unang taon nito, binigyang-diin ang mga

gawaing akademiko. Naging tunguhin ng organisasyon ang pagaambag sa kaalaman at kamalayang pangkasaysayan. Nagtaguyod ang organisasyon ng iba't ibang talakayan at simposyum. Naglabas din ito ng opisyal na pahayagan na pinangalanang ang Likas. At higit sa lahat, naglathala ito ng natatanging dyornal pangkasaysayan, ang LIKAS, noong Disyembre 1976 na alay kay William Vincent "Billy" Acuña Begg, bayaning Likasyan na "nagbubo ng dugo para sa isang maaliwalas na kasaysayan ng sambayanan."

Sa mga tagumpay na ito, hindi nangahulugang nalimita ang organisasyon sa mga isyu't usaping akademiko. Patuloy ang masigasig na pakikilahok ng organisasyon sa mga pagkilos para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo. Itinanghal ang kalayaang akademiko at kapangyarihan ng mag-aaral, kabilang ang U.P. LIKAS sa mga nakipaglaban para maibalik ang University Student Council (USC). Naging masigasig din ang organisasyon sa mga pagkilos laban sa mga mapaniil na patakaran ng pamahalaan sa ilalim ng Batas Militar. Sa muling paglaho ng organisasyon noong 1980 dahil sa kawalan ng kasapian at pamunuan, ilan sa mga kasapi nito ang aktibo sa kilusang makabayan at sandatahang pakikibaka. Bagamat mayroon pa ring ilang grupong bumuo ng mga organisasyon ng mga mag-aaral sa kasaysayan tulad ng U.P. History Society (HistSoc) noong 1981-1986, masasabing hindi ito nagkaroon ng malawak at malalim na pananaw pangkasaysayan.

Marahil itinakdang magkaroon ng organisasyong pangkasaysayan ang mga mag-aaral ng U.P. sa panahon ng pag-unlad ng "bagong kasaysayan," kung kaya't noong Ikalawang Semestre ng Akademikong Taon 1987-1988, sa pangunguna nina Myra Angeli Gallardo at Elsie Ramos, muling binuhay ang U.P. LIKAS. Sa pamamagitan ng 14 na katao na nagsilbing lupong ad hoc, itinatag ang U.P. LIKAS sa U.P. Faculty Center 2016. Si Ferdinand Llanes ang hinirang na unang Tagapangulo ng muling itinatag na organisasyon. Inilunsad ang organisasyon noong 13 Enero 1988. Kabilang sa mga unang kasapi sina Daisy Apolonio, Patricia Aquino, Enrico Azicate, Ferdinand Conel, Jose Antonio Custodio, Myra Angeli Gallardo, Ferdinand Llanes, Khadija Rosarita Mamorno, Roberto Mata, Patricia Mercado, Pamela Portugal, Rowena Quinto, Elsie Ramos at Ma. Cecilia Samonte. Naging unang Gurong Tagapayo sina Dante Ambrosio at Nilo Ocampo. Pagkatapos ng paglulunsad, pagpursige na ang organisasyon na "pumusisyon sa hanay ng mga mag-aaral at sa buong pamantasan bilang isang organisasyong may mabisang kakayahan na makibahagi sa pagtatadhana ng kabuuang hugis ng kolektibong pamumuhay at galaw sa pamantasan." Kumilos ito tungo sa ikatataguyod ng dakilang adhikaing

mapaglingkuran ang mga mag-aaral ng pamantasan at sambayanang Pilipino sa diwa ng panlipunang pagbabago at pagbubuo.

Malayo na rin ang narating ng U.P. LIKAS matapos ang humigit na dalawampung taon mula nang muling itatag ito. Naging matapat at matatag ang organisasyon sa mga adhikain nito na makikita sa mga naging gawain nito sa nakalipas na mga taon. Nagdaos ang organisasyon ng mga exhibit, lakbay-aral, pagpapalabas-pelikula, panggrupong talakayan, lekturapanayam, seminar, simposyum at palihan. Nakipagbuklod din ang U.P. LIKAS sa iba't ibang institusyon na gaya ng U.P. Departamento ng Kasaysayan, College of Social Sciences and Philosophy (CSSP) at buong U.P. na makikita sa paglahok ng U.P. LIKAS sa Linggo ng Kasaysayan, Kapistahang Asyano, CSSP Organizations Fair (OrgFair), CSSP Week, Lantern Parade, at Alternative Classroom Learning Experience (ACLE). Maraming kasapi na rin ang naging bahagi ng at nanguna sa University Student Council (USC), CSSP Student Council, at ang opisyal na sulat-balitaang pangmag-aaral ng CSSP na SINAG. Patuloy ring nagiging aktibo ang LIKAS bilang bahagi ng Buklod CSSP, UP Alyansa ng mga Mag-aaral para sa Panlipunang Katwiran at Kaunlaran (ALYANSA); gayundin sa CSSP Academic Circle (AcadCircle). Nakikipag-ugnayan rin ang LIKAS sa mga kapwa organisasyong pangkasaysayan bilang tagapagtatag ng Alyansa ng mga pang-Kasaysayang Organisasyong Pang-mag-aaral sa Pilipinas (ANGKOPP) at kasapi ng Local Historical Committees Network (LHCN).

Nakipagbuklod din ang organisasyon sa iba pang pampamantasan at pambansang institusyon at organisasyon tulad ng U.P. Lupon sa Sentenaryo, U.P. Office for Initiatives in Culture and the Arts (OICA), Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan ng Pilipinas (ADHIKA ng Pilipi- nas), Bagong Kasaysayan/Bahay-Saliksikan sa Kasaysayan (BAKAS), Kaisahan para sa Kamalayan sa Kasaysayan (KAMALAYSAYAN), National Historical Institute (NHI) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA).

Nagtaguyod din ang U.P. LIKAS ng mga gawaing sibiko gaya ng pakikipagtulungan sa Gawad Kalinga at programang "Gib Lab" na naglalayong paligayahin at paglingkuran ang mga kapus-palad lalo na tuwing Kapaskuhan.

Naglathala na rin ang organisasyon ng mga aklat na kinabibilangan ng Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan (1992) na pinamatnugutan nina Ma. Bernadette Abrera at Dedina Lapar at Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan (1998) na pinamatnugutan naman nina Atoy Navarro at Raymund Arthur Abejo. Noong Enero 2008, inilathala ang Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan na pinamatnugutan nina Atoy Navarro, Alvin Campomanes at John Lee Candelaria. Noong Agosto 2012 naman inilunsad ang Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo na pinamutnugutan nina Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre.

Higit sa lahat, nagtaguyod na ang U.P. LIKAS ng mga malawakang pambansang kumperensya na dinaluhan ng mga mag-aaral ng kasaysayan mula sa iba't ibang paaralan, kolehiyo at pamantasan sa iba't ibang panig ng Pilipinas bukod pa sa paglahok ang organisasyon sa samu't saring makabayang pagkilos ng kabataan at sambayanang Pilipino para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo ng Inang Bayan, bansa at sambayanan. Tunay na masasabing patuloy na umuunlad ang U.P. LIKAS "tungo sa isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan."

**KaKASa Ka Ba? 2024**

Tagisan ng Talino (KAS Quiz Bee), KASanaysayan (Essay Writing), at KAS Poster Making

22 Abril 2024 | 8:30 n.u. - 5:00 n.h. | Venue: TBA

Ngayong taon, ipinagdiriwang ng UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS) ang ika-36 anibersaryo ng muling pagkakatatag nito bilang isang samahan ng mga mag-aaral na mayroong hilig at interes sa pag-aaral ng kasaysayan. Mahaba ang kasaysayan ng UP LIKAS mula sa unang pagkakatatag nito noong 1971, sa paglaho nito sa ilalim ng Batas Militar, sa muling pagkakatatag noong 1973, sa muling pagkawala dulot ng kakulangan ng mga miyembro, at hanggang sa muling pagkakatatag nito noong 1988 na magpahanggang ngayon ay patuloy pa ring nagpupunyagi sa loob ng unibersidad.

Sa loob ng 36 na taon ng pag-iral ng UP LIKAS simula 1988, patuloy na isinusulong ng mga kasapi at alumni nito ang isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan, sa loob o labas man ng pamantasan. Ang pagsasagawa ng mga taunang aktibidad tulad ng Pambansang Kumperensiya at mga sampaksaan ng UP LIKAS ang isang patunay na buháy at patuloy na isinasabuhay ng samahan ang adhikain nitong maibahagi ang kaalamang pangkasaysayan sa malawak na lipunan - na isang pagtupad sa layuning paglingkuran ang sambayanang Pilipino.

Ang tema para sa ika-36 na anibersaryo ng muling pagkakatatag ng UP LIKAS ay may pamagat na **"Muhon: Paglikha at Pagpapanday ng Kasaysayan sa Makabagong Panahon."** Ayon sa KWF Diksyunaryo ng Wikang Filipino, ang salitang "muhon" ay tumutukoy sa isang "palatandaang inilalagay sa isang lugar na pagpapakilala ng hangganan." Ang muhon, bilang isang palatandaan ay maaaring maihahalintulad bilang isang pananda ng transisyon at pagbabago - na tayo ay tumatawid mula sa hangganan ng isang espasyo tungo sa simula ng isang panibagong espasyo. Kinikilala ng UP LIKAS ang "pagtawid" ng samahan tungo sa isang makabagong panahon kung saan umusbong ang iba't ibang midyum dulot ng pag-unlad ng teknolohiya. Kasabay nang mabilis na pagkalat ng impormasyon, umusbong ang iba't ibang diskurso at mga problema dulot ng malayang komunikasyon sa *internet.*

Liban dito, nariyan din ang ilang mga pagbabago sa pamamaraan at perspektibo sa pagsulat ng kasaysayan dulot ng mga panibagong impormasyon at mga aktor na nakikibahagi sa diskurso ng kasaysayan.

Kaya naman, bilang bahagi ng gawaing pang-anibersaryo ng samahan, inihahandog ng UP LIKAS ang panibagong edisyon ng **KaKASa Ka Ba? 2024.** Sa pamamagitan ng gawaing ito, tunguhin ng samahan na makintál sa mga mag-aaral na lalahok ang pangangailangan na maging maláy ang bawat isa sa kasaysayan bilang porma ng ating pagsandig laban sa pagbaluktot ng kasaysayan at disimpormasyon sa kasalukuyan at sa hinaharap. Para sa taong ito, magkakaroon ng tatlong paligsahan ang KaKASa Ka Ba?: **Tagisan ng Talino** (face-to-face), **KASanaysayan** (face-to-face), at **KAS Poster Making** (face-to-face). Narito ang pangkalahatang panuntunan ng bawat paligsahan.

Sa paligsahan ng Tagisan ng Talino, bubuo ang bawat kalahok ng isang pangkat na hindi hihigit sa dalawang kasaping mag-aaral at isang gurong tagapagsanay. Dadaan ang bawat pangkat sa tatlong round: madali, katamtaman, at mahirap upang salain ang tutuloy sa final round. Ang bawat round ay may sampung tanong at may kaakibat na iba't ibang puntos. Iikot ang mga tanong tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas, Asya, at Pandaigdigang Kabihasnan. Ito ay para akma sa kurikulum na mayroon ang mga mag-aaral sa sekundarya. Upang matiyak na walang magiging kalituhan o pagtatalo sa mga sagot ng quiz bee, pangungunahan ng junior faculty ng UP Departamento ng Kasaysayan at isang kasapi ng UP LIKAS ang Lupon ng Hurado ng paligsahan.

Sa paligsahan sa Pagsulat ng Sanaysay o KASanaysayan, magkakaroon ng 10 hanggang 15 kasaping mag-aaral mula sa sekundarya na magsusulat ng sanaysay mula sa isang paksang mapipili ng samahan. Pagkatapos maisumite ang mga sanaysay, mamarkahan ito ng Lupon ng Hurado na kakatawanin ng mga dalubhasa sa pagsusulat at pagsusuri ng sanaysay. Ibabatay ang pagmamarka mula sa pamantayan o criteria na ilalabas ng samahan.

Sa paligsahan ng KAS Poster Making, magkakaroon ng 10 hanggang 15 kasaping mag-aaral mula sa sekundarya na magpapaligsahan sa pagbubuo ng isang poster na magtatampok ng kanilang kasaysayang lokal (local history). Maaari silang sumamit ng kahit anong traditional art materials liban sa water-based paint. Mamarkahan ito ng Lupon ng Hurado na kakatawanin ng mga dalubhasa at manlilikha. Ibabatay ang pagmamarka mula sa pamantayan o criteria na ilalabas ng samahan.

Sa huli, ang mananalong mga kalahok ay gagawaran ng sertipiko ng pagkilala at premyo ng samahan bilang pagkilala sa kahusayan ng bawat isa sa iba't ibang patimpalak. Sa pagtatapos ng KaKASa, inaasahan na higit mapukaw ang interes ng bawat isa sa kasaysayan, partikular sa kasaysayang pampook, at mapalalim ang antas ng kaalaman at kamalayang pangkasaysayan ng mga mag-aaral sa sekundarya. Panghuli, hangad ng UP LIKAS na maging kasangkapan ang gawaing ito upang maipakita rin ng mga kabataan ang paninindigan nila para sa pagtataguyod ng makatotohanan at makatuwirang kasaysayan sa ating lipunan.

**KaKASa Ka Ba? 2024**
**Paglikha at Pagpapanday ng Kasaysayan sa Makabagong Panahon**


**PROJECT TEAM**

**DAN GABRIEL A. CASTRO**
KaKASa Ka Ba? 2024 Overall Head

**HANS MATTHEW U. ANTIOJO**
Externals Committee Head

**JOAQUIN MANUEL G. REYES**
Programs and Contest Organizing Committee Head

**ADRIANA MARIE P. DUEÑAS**
Registration and Documentation Committee Head

**CHARIE BHELLE V. MAMARIL**
Finance and Logistics Committee Head

**GABRIEL L. JAVIER**
Technicals and Publications Commitee Head

**PROF. KERBY C. ALVAREZ, Ph.D**
**G. EMMANUEL JAYSON V. BOLATA**
Mga Gurong Tagapayo

EMAIL: **uplikas@gmail.com**
FACEBOOK: **facebook.com/uplikas/**
TWITTER: **twitter.com/uplikas/**
INSTAGRAM: **instagram.com/uplikas**
WEBSITE: **uplikas.wixsite.com/uplikas**
CONTACT NUMBER: **0908 737 9829**


**May 19, 2024**

Greetings!

U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) is an academic organization of students in the University of the Philippines- Diliman which promotes a critical and more relevant study of history as well as awareness of Filipino culture and society through different activities. One of the major endeavors of our organization is the annual KaKASa Ka Ba?, where we conduct various contests with topics under the history discipline.

This year, U.P. LIKAS will be celebrating its 36th founding anniversary with an overall theme "**Muhon: Paglikha at Pagpapanday ng Kasaysayan sa Makabagong Panahon**." In line with this, we will conduct a series of contests for students. The program is titled as **KaKASa Ka Ba? 2024**, and it aims to focus on improving the historical consciousness of the students. These competitions will be held **on the 22nd of April 2024 at UP Diliman**. These competitions would include the **Tagisan ng Talino** (face-to-face), **KASanaysayan** (face-to-face), and **BalangKAS** (face-to-face).

Given the relevance of this topic to the current social discourse, we **humbly invite your office to take part in our event and join us in gathering students and teachers from all over the country to enrich our understanding on the importance of understanding how historical revisionism works**. We would also **like to seek support from your office in conducting this activity through the issuance of an advisory from your office for the knowledge of schools and teachers under your region**. With your support, we could achieve our vision of promoting critical thinking in the field of history.

**The registration for the contests are indicated in the overall mechanics and program flow**. Attached with this document are the concept paper and program proposal for the competitions. Should you have any inquiries, we will gladly discuss these matters with you personally. You may contact our Vice-Chairperson for External Affairs via 09176182227 or e-mail us at uplikas.kakasakaba@gmail.com.

Thank you very much. We look forward to your favorable response.

# UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

Sincerely,

Hans Matthew Antiojo
Externals Committee Head

Dan Gabriel Castro
KaKASa Ka Ba? 2024 Head

Noted by:

Prop. Kerby C. Alvarez, PhD
Faculty Adviser

**KaKASa Ka Ba? 2024**
Paglikha at Pagpapanday ng Kasaysayan sa Makabagong Panahon

**PROJECT TEAM**

**DAN GABRIEL A. CASTRO**
KaKASa Ka Ba? 2024 Overall Head

**HANS MATTHEW U. ANTIOJO**
Externals Committee Head

**JOAQUIN MANUEL G. REYES**
Programs and Contest Organizing Committee Head

**ADRIANA MARIE P. DUEÑAS**
Registration and Documentation Committee Head

**CHARIE BHELLE V. MAMARIL**
Finance and Logistics Committee Head

**GABRIEL L. JAVIER**
Technicals and Publications Commitee Head

**PROP. KERBY C. ALVAREZ, Ph.D**
**G. EMMANUEL JAYSON V. BOLATA**
Mga Gurong Tagapayo

EMAIL: uplikas@gmail.com
FACEBOOK: facebook.com/uplikas/
TWITTER: twitter.com/uplikas/
INSTAGRAM: instagram.com/uplikas
WEBSITE: uplikas.wixsite.com/uplikas
CONTACT NUMBER: 0908 737 9829

**KaKASa Ka Ba? 2024**
Muhon: Paglikha at Pagpapanday sa Kasaysayan sa Makabagong Panahon
Tagisan ng Talino (Quiz Bee), KASanaysayan (Essay Writing), BalangKAS (Poster Making)
22 Abril 2024 | 9:00 n.u. - 5:00 n.h. | UP Diliman, Lungsod Quezon

**DALOY NG PROGRAMA**

| | |
|---|---|
| 9:00 n.u. - 10:00 n.u. | **Pagpapatala ng mga Kalahok** |
| 10:00 n.u. - 11:30 n.u | **Seremonya ng Pagbubukas** |
| | **Pambansang Awit** |
| | **Panimulang Pananalita**<br>Prop. Kerby C. Alvarez, PhD<br>Gurong Tagapayo, UP Lipunang Pangkasaysayan |
| | **Paglalahad ng Layunin ng KaKASa Ka Ba? 2024**<br>Dan Gabriel A. Castro<br>Overall Head, KaKASa Ka Ba? 2024 |
| | **Pagpapalawig ng Detalye at Alituntunin ng KaKASa Ka Ba? 2024**<br>Joaquin Manuel G. Reyes<br>Head, KaKASa Ka Ba? 2024 Program and Contest Organizing Committee |
| 11:30 n.u. - 12:30 n.h | Tanghalian |
| 12:30 n.h. - 1:00 n.h. | **Pagpunta sa mga Silid, Pagpapakilala sa mga Kalahok at Lupon ng Hurado, at Pagbibigay ng Mekaniks** |
| | Roll call ng mga Kalahok |
| | Pagpapakilala sa mga Lupon ng Hurado |
| 1:00 n.h. - 4:00 n.h. | **Contest proper ng Tagisan ng Talino, BalangKAS, at KASanaysayan** |
| 4:00 n.h. - 4:30 n.h. | **Paggawad ng Medalya sa mga Nagwagi sa mga Patimpalak** |
| 4:30 n.h. - 4:45 n.h. | **Panapos na Pananalita**<br>Dan Gabriel A. Castro<br>Tagapangulo, UP Lipunang Pangkasaysayan<br>Overall Head, KaKASa Ka Ba? 2024 |

**KaKASa Ka Ba? 2024**

Muhon: Paglikha at Pagpapanday sa Kasaysayan sa Makabagong Panahon

Tagisan ng Talino (Quiz Bee), KASanaysayan (Essay Writing), BalangKAS (Poster Making)

22 Abril 2024 | 9:00 n.u. - 5:00 n.h. | UP Diliman, Lungsod Quezon

## PANGKALAHATANG ALITUNTUNIN NG KAKASA KA BA? 2024

1. Bukás ang paligsahan sa lahat ng pampubliko at pribadong paaralang pansekundarya sa Pilipinas.
2. Para sa taong ito, isasagawa ang lahat ng patimpalak Face-to-Face sa UP Diliman
3. Maglalabas ng online pre-registration form ang UP LIKAS sa ika-18 ng Marso para sa lahat ng patimpalak. Tanging ang mga buo at may wastong entri lamang ang papadalhan ng kumpirmasyon ng KaKASa Contest AdHOC.
4. Dahil may sapat na bilang lamang ng kalahok ang tatanggapin sa bawat paligsahan, magkakaroon ng first-come, first-served basis sa mga ito.
5. Ang mga kalahok na sumagot sa online pre-registration form ay kinakailangan din magpatala sa registration booth sa mismong araw upang kumpirmahin ang pagdalo.
6. Kinakailangan dalhin ang valid ID na ginamit sa online pre-registration form at vaccination card sa mismong araw ng paligsahan. Ito ay ipapakita sa registration booth sa pagsisimula ng programa.
7. Maglalabas ang UP LIKAS ng kabuuang mekaniks para sa mga patimpalak gayon din ang mga nakatalagang hurado para sa mga ito.
8. Magkakaroon ng registration fee ang bawat patimpalak. Para sa Tagisan ng Talino na dalawang kalahok ang kada grupo, kada grupo ang pagbabayad ng registration fee at hindi kada indibidwal.
9. Para sa F2F KaKASa, i-aanunsyo sa UP LIKAS page ang nakatalagang silid na pagdadausan ng tatlong patimpalak.
10. Sa mismong araw ng F2F KaKASa, magkakaroon ng panimulang programa upang talakayin ang mga alituntunin ng paligsahan gayon din ang pagpapakilala sa mga hurado at panauhing pandangal.
11. Magaganap ang awarding sa mismong araw din ng patimpalak.

### REGISTRATION FEE

- **Tagisan ng Talino (History Quiz Bee)**: 150 pesos para sa pares mula sa pribadong paaralan, 120 pesos para sa mga pares mula sa pampublikong paaralan

- **KASanaysayan (Essay Writing)**: 100 pesos para sa mga kalahok mula sa pribadong paaralan, 80 pesos para sa mga kalahok mula sa pampublikong paaralan

- **BalangKAS (Poster Making)**: 150 pesos para sa mga kalahok mula sa pribadong paaralan, 120 pesos para sa mga kalahok mula sa pampublikong paaralan

**KaKASa Ka Ba? 2024**
Muhon: Paglikha at Pagpapanday sa Kasaysayan sa Makabagong Panahon
Tagisan ng Talino (Quiz Bee), KASanaysayan (Essay Writing), BalangKAS (Poster Making)
22 Abril 2024 | 9:00 n.u. - 5:00 n.h. | UP Diliman, Lungsod Quezon

## MEKANIKS PARA SA TAGISAN NG TALINO (QUIZ BEE)

### MGA KATEGORYA

4. Para sa Kasaysayan ng Mundo, ang mga katanungan ay kukunin sa:
    Pandaigdigang Kabihasnan
    Kasaysayan ng Europa
    Kasaysayan ng Estados Unidos at Amerika Latina

### TAGISAN NG TALINO (QUIZ BEE) PROPER

1. Ang mga tanong ay nakasulat sa isang questionnaire card na may takdang bilang ayon sa pagkakasunud-sunod. Lahat ng mga tanong ay nasa loob ng isang selyadong envelope. Bibigyan ng tig-lisang set of questions ang quiz master (tagapagdaloy), mga hurado, at komiteng teknikal.
2. Babasahin nang dalawang beses lamang ng quiz master ang tanong na ipapakita rin sa screen. Saka pa lamang lalabas ang mga pagpipiliang sagot pagkatapos basahin ang tanong (para sa Madali at Katamtamang Rounds).
3. Maaari lamang isulat ng mga pangkat ang kanilang sagot pagkatapos ibigay ng quiz master ang signal. Kapag ang isang pangkat ay hindi nakasunod dito nang limang beses, sila ay tatanggalin sa paligsahan.
4. Kung may mga katanungan mula sa mga kalahok o sa mga teacher-coach, tatanggapin ito matapos maitala ang mga scores (papalitan na lamang kung may mapatunayang pagkakamali). Hindi na tatanggapin ang anumang mga hinaing kapag nabuksan na ang susunod na tanong
5. Para sa pagtatala ng scores, may isang official manual scoreboard (open viewing), at electronic scoring sheet ng komiteng teknikal. Ang resulta ng dalawang scoring scheme ay ipapakita sa dulo ng bawat round.
6. Papayagan lamang na pumunta sa comfort room ang mga kalahok pagkatapos ng isang round na tatagal lamang ng limang minuto.
7. Ipinagbabawal ang cellphone at iba pang devices.
8. Hindi maaaring umupo ang mga teacher-coaches kasama ang mga kalahok habang kasagsagan ng isang round
9. Hindi na maaaring baguhin ng mga kalahok ang kanilang mga sagot kapag nagsignal na ang quiz master na itaas ang kanilang mga boards.
10. Ang mga pangkat na mahuhuli na nandaraya ay tatanggalin sa awtomatikong diskwalipikado.

### PAGPUPUNTOS NG BAWAT TANONG

MADALI (EASY)

1. May 15 katanungan na katumbas ng isang punto (1 point) ang bawat tamang sagot.
2. Nasa porma ng multiple choice ang mga katanungan.
3. Isusulat ang sagot sa board na ibibigay ng mga marshals.
4. Bibigyan ng sampung segundo ang mga kalahok para makapagsagot. Sisiguraduhin ng assigned marshal na tatalima ang mga kalahok sa itinakdang oras.
5. Tutuloy sa susunod na round ang lahat ng mga pares.

**KaKASa Ka Ba? 2024**
Muhon: Paglikha at Pagpapanday sa Kasaysayan sa Makabagong Panahon
Tagisan ng Talino (Quiz Bee), KASanaysayan (Essay Writing), BalangKAS (Poster Making)
22 Abril 2024 | 9:00 n.u. - 5:00 n.h. | UP Diliman, Lungsod Quezon

## MEKANIKS PARA SA TAGISAN NG TALINO (QUIZ BEE)

KATAMTAMAN (AVERAGE)

1. May 15 katanungan na katumbas ng tatlong puntosang bawat tamang sagot.
2. Nasa porma ng multiple choice at identification ang mga katanungan.
3. Isusulat ang sagot sa board na ibibigay ng mga marshals.
4. May labinlimang segundo ang mga kalahok upang makapag-isip. Sisiguraduhin ng assigned marshal na tatalima ang mga kalahok sa itinakdang oras.
5. Tutuloy sa huling round ang lahat ng pares.

MAHIRAP (DIFFICULT)

1. May 10 katanungan na katumbas ng limang puntos bawat tamang sagot.
2. Isusulat ng kalahok ang buong tamang sagot sa board na ibibigay ng mga marshals. Hindi tatanggapin ang maling ispeling. Para sa mga hindi maintindihang sulat, nasa desisyon ng hurado ang pagtanggap ng kanilang sagot.
3. May 30 segundo ang mga kalahok para sa pagsagot na gagawin lamang nila pagkatapos basahin ng quizmaster ang tanong nang dalawang beses.
4. Ang tatlong may pinakamataas na iskor sa pagtatapos ng lahat ng round ang itatanghal na panalo

CLINCHER (kung sakaling may magpareho ng puntos)

1. Para lamang ito sa mga kalahok na magka-tie sa pesto ng pagkapanalo (una, ikalawa at ikatlong pesto lamang).
2. Isusulat ng kalahok ang buong tamang sagot sa board na ibibigay ng mga marshals. Hindi tatanggapin ang maling ispeling. Para sa mga hindi maintindihang sulat, nasa desisyon ng hurado ang pagtanggap ng kanilang sagot.
3. May 10 segundo ang mga kalahok para sa pagsagot na gagawin lamang nila pagkatapos basahin ng quizmaster ang tanong nang dalawang beses.
4. Ang may mataas na score sa round na ito ang panalo.

PAGTATAPOS NG TAGISAN

1. Tatanggap ang mga nagwagi ng:
   Unang Pwesto - Cash Prize + Sertipiko + Medalya + Token
   Ikalawang Pesto - Cash Prize +Sertipiko + Medalya + Token
   Ikatlong Pwesto - Cash Prize +Sertipiko + Medalya + Token
2. Ang lahat ng lumahok na mag-aaral sa paligsahan ay gagawaran ng Sertipiko ng Paglahok
3. Ang lahat ng teacher-coach ng bawat pangkat ay tatanggap ng Katibayan ng Pagdalo.

**KaKASa Ka Ba? 2024**
Muhon: Paglikha at Pagpapanday sa Kasaysayan sa Makabagong Panahon
Tagisan ng Talino (Quiz Bee), KASanaysayan (Essay Writing), BalangKAS (Poster Making)
22 Abril 2024 I 9:00 n.u. - 5:00 n.h. I UP Diliman, Lungsod Quezon

## MEKANIKS PARA SA KASanaysayan (Essay Writing)

1. Isang mag-aaral lamang ng bawat paaralan ang maaaring lumahok.
2. Ang bawat kalahok ay kinakailangan magsulat ng orihinal na sanaysay sa wikang Filipino sa 2-3 pahina ng papel.
3. Sa pagsusulat ng papel, control number lamang ng kalahok ang nakasulat at tanging ito lamang ang makikita ng mga hurado. May masterlist kung saan makikita ang pangalan at paaralan ng kalahok sa bawat control number.
4. Ang paksa na isusulat ay pagpapasiyahan ng KaKASa Contest AdHOC at isasangguni sa Lupon ng mga Hurado ilang minuto bago ang pormal na pagsisimula ng patimpalak.
5. Ang Lupon ng mga Hurado ay kakatawanan ng mga sumusunod: (kinatawan mula sa UP Departamento ng Kasaysayan, kinatawan mula sa UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, at Senior resident member ng UP LIKAS)
6. Ang bawat kalahok ay kinakailangan magbayad para sa pagpapatala. Ilalabas ang detalye sa pagsisimula ng online registration.
7. Bago magsimula ang patimpalak, magkakaroon muna ng maikling palihan na magiging gabay ng mga kalahok bago sumulat ng sanaysay. Ang mga hurado ang mangangasiwa sa maikling palihan na ito
8. Ang tema/paksa ng sanaysay ay ibibigay pagkatapos ng maikling palihan.
9. Bibigyan ang mga kalahok ng isa't kalahating oras (90 minuto) para magsulat ng sanaysay.
10. Nasa ibaba ang criteria sa pagpupuntos:
    Nilalaman (Ideas and Substance) - 40%
    Organisasyon (Structure and Coherence) - 40%
    Kasanayan sa Wika (Grammar and Articulation) - 20%
    Kabuuan - 100%
11. Kakalukulahin ang pinal na iskor ng bawat kalahok sa pamamagitan ng pag-aaverage sa ibinigay ng ng bawat hurado.
12. Ang tatlong may pinakamataas na iskor ang tatanghaling nagwagi.
13. Tatanggap ang mga nagwagi ng mga sumusunod:
    Unang Pwesto - Cash Prize + Sertipiko + Medalya + Token
    Ikalawang Pesto - Cash Prize +Sertipiko + Medalya + Token
    Ikatlong Pwesto - Cash Prize +Sertipiko + Medalya + Token
14. Tatanggap ng Sertipiko ng Paglahok ang lahat ng mag-aaral na kalahok.
15. Tatanggap naman ng Katibayan ng Pagdalo ang mga tagapagsanay ng bawat kalahok.

**KaKASa Ka Ba? 2024**

Muhon: Paglikha at Pagpapanday sa Kasaysayan sa Makabagong Panahon

Tagisan ng Talino (Quiz Bee), KASanaysayan (Essay Writing), BalangKAS (Poster Making)

22 Abril 2024 I 9:00 n.u. - 5:00 n.h. I UP Diliman, Lungsod Quezon

**MEKANIKS PARA SA BalangKAS (Poster Making)**

1. Isang mag-aaral lamang ng bawat paaralan ang maaaring lumahok.
2. Ang mga kalahok ay gagamit ng (1/4) size illustration board at scratch paper, lahat ay ilalaan ng organizer.
3. Ito ay mixed-medium na paligsahan. Ang iba pang materyales na maaaring gamitin ay dapat dalhin ng mga kalahok. Ang pinapayagang materyales na maaaring gamitin ay ang mga sumusunod: markers/pens/pencils, colored pencils, crayons, pastels, oil paints, poster color, watercolor, ink, at ruler.
4. Dalawang oras ang ilalaan para sa paligsahan. All artworks, including initial sketches, must be executed on the spot. Dapat matapos ang obra sa takdang oras a ibinigay.
5. Pinagbabawal ang paggamit ng cellphone at iba pang gadgets.
6. Ang temang iguguhit ay pagpapasiyahan ng KaKASa Contest AdHOC at isasangguni sa Lupon ng mga Hurado ilang minuto bago ang pormal na pagsisimula ng patimpalak.
7. Ang bawat kalahok ay kinakailangan magbayad para sa pagpapatala. Ilalabas ang detalye sa pagsisimula ng online registration.
8. Narito ang batayan ng pagmamarka:
   - Kaugnayan sa Tema (Relevance to the Theme) - 50%
   - Pagkamalikhain (Creativity) - 30%
   - Orihinalidad (Originality) - 20%
   - Kabuuan - 100%
9. Tatanggap ang mga nagwagi ng mga sumusunod:
   - Unang Pwesto - Cash Prize + Sertipiko + Medalya + Token
   - Ikalawang Pesto - Cash Prize +Sertipiko + Medalya + Token
   - Ikatlong Pwesto - Cash Prize +Sertipiko + Medalya + Token
10. Tatanggap ng Sertipiko ng Paglahok ang lahat ng mag-aaral na kalahok.
11. Tatanggap naman ng Katibayan ng Pagdalo ang mga tagapagsanay ng bawat kalahok.